

Pag-unawa sa Batas na Lanterman-Petris-Short (LPS, Lanterman-Petris-Short)

Lat. #5608.08-Tagalog

Kabanata 2: Mga Pamamahala sa LPS

Ang Pamamahala sa LPS ay isang legal na mekanismo kung saan magtatalaga ang korte ng isang taong gagawa ng ilang legal na mga pagpapasya para sa iyo. Ang taong ito ay tinatawag na tagapamahala. Ang iyong tagapamahala ay maaaring gumawa ng mga pasya tulad ng kung maaari kang magsimula o ihinto ang pag-inom ng mga medikasyong pang-saykayatriko o tumanggap ng ibang medikal na paggamot. Ang tagapamahala ay maaari ring pamahalaan ang iyong pera at magpasya kung saan ka titira. Kapag ikaw ay nasa pamamahala, maaaring limitahan ng korte ang iyong karapatan na bumoto, pumasok sa mga kontrata, magmaneho, o mag-may-ari ng armas. Ang pamamahala sa LPS ay maaaring magtagal nang pinakamahaba na isang taon sa isang pagkakataon, ngunit maaari itong mapanibago sa korte sa katapusan ng taon.

Ang layunin ng pamamahala ay “upang magbigay ng isinariling paggamot, pangangasiwa, at pagtatalaga.” Kodigo ng Kapakanan at Mga Institusyon (WIC, Welfare and Institutions Code) § 5350.1. Ang pamamahala ay tinutukoy bilang, “serbisyong idinisenyo para sa pinansyal at personal na proteksyon ng mga indibidwal na itinuturing na may malubhang kapansanan sa ilalim ng mga probisyon ng Batas [na LPS].” 9 Kodigo ng mga Regulasyon ng California (CCR, California Code of Regulations) § 548(b). Kabilang sa mga serbisyo ng pamamahala ang administrasyon ng pamamahala, na nangangahulugan na “mga serbisyong ibinibigay ng

itinalagang tagapamahala upang pangasiwaan ang pinansyal na mga mapagkukunan ng pinamamahalaan at upang siguruhin ang pagkakaroon at kasapatan ng kinakailangang mga serbisyo sa paggamot at mga serbisyong panlipunan sa kalusugan ng isip.” 9 CCR § 548(b)(2).

Pamamahala at Pagkakaroon ng “Malubhang Kapansanan”

Ang iyong doktor o isang taong responsable para sa iyong pangangalaga ay maaaring simulan ang paglilitis para sa pamamahala kung sa tingin nila ikaw ay nagkaroon, at malamang na magpatuloy na magkakaroon ng “malubhang kapansanan.” Ito ay isang legal na katawagan na nangangahulugan na nasa panganib ka ng pisikal na pinsala dahil wala kang kakayahan na maglaan ng pagkain, damit at tirahan para sa iyong sarili dahil sa sakit sa kalusugan ng isip. WIC § 5008.

Maraming salik ang nakaaapekto sa kung maaaring makita ng korte ang isang tao bilang may malubhang kapansanan. Halimbawa, ang isang taong walang kakayahan sa pangangalaga para sa kaniyang sarili, ngunit nabubuhay nang ligtas sa tulong ng pumapayag na ikatlong partido, ay malamang na walang malubhang kapansanan. Tingnan ang WIC § 5250. § 5250(d) tungkol sa 14-na-araw na pagpapanatili para sa pagapapatunay, at ang WIC § 5350(e) tungkol sa mga pagtatalaga ng tagapamahala. Dagdag pa, bagama’t ang mga nakaraang pagkilos ay maaaring isaalang-alang, ang isang tao ay walang malubhang kapansanan maliban kung sila ay **kasalukuyang** panganib sa kanilang sarili dahil sa kanilang kawalan ng kakayahan na magbigay ng pangangalaga sa sarili. Ang posibilidad ng pinsala sa hinaharap ay maaaring hindi sapat upang matugunan ang mga pamantayan sa pagpapanatili. *Tingnan ang Pamamahala ni Benevuto (Conservatorship of Benevuto)*, 180 Cal.App.3d 1030 (1986).

Ang Pamamaraan sa Pamamahala

Sa kasong ang iyong doktor o tagapagbigay ng pangangalaga ay naniniwala na ikaw ay maaaring may malubhang kapansanan, maaaring gumawa sila ng rekomendasyon sa tanggapan ng Pampublikong Tagapag-alaga upang simulan ang imbestigasyon para sa pamamahala. Hindi lahat ng nakatutugon sa kahulugan ng may malubhang kapansanan ay awtomatikong inilalagay sa pamamahala.

Magpapasya ang imbestigador kung hihilingin man o hindi sa korte na simulan ang pamamahala. WIC § 5354. Kung magresulta ang imbestigasyon sa rekomendasyon para sa pamamahala, itatalaga ng rekomendasyon ang pinaka-angkop na taong magsisilbing tagapamahala. WIC § 5355. Kung ang petisyon ay isinampa upang simulan ang pamamahala, dapat bigyan ka ng kopya at sabihin sa iyo ang oras ng pagdinig para sa pamamahala sa korte.

Pansamantalang Pamamahala

Kung ikaw ay nasa ospital at nasa 14-na-araw na pagpapanatili, sa katapusan ng pagpapanatili, maaari kang ilagay sa pansamantalang pamamahala nang 30 araw. WIC § 5352. Upang mailagay ka sa pansamantalang pamamahala, dapat naniniwala ang korte na ikaw ay may malubhang kapansanan. Maaaring higitan ng korte ang ilan sa iyong mga karapatan, tulad ng karapatang pumili ng lugar ng tirahan, magkaroon ng lisensya sa pagmamaneho, etc. Patuloy kang may karapatan na tumanggi sa anumang medikal na paggamot na hindi inutos ng korte.

Ikaw ay dapat na makatanggap ng abiso bago itatag ang pansamantalang pamamahala, ngunit kadalasan hindi alam ng mga tao na sila ay nasa pansamantalang pamamahala hanggang sa sila ay naitalaga na rito.

Kapag itinalaga ang isang tao sa pansamantalang pamamahala, tungkulin ng tanggapan ng Pampublikong Tagapag-alaga na imbestigahan kung ang isang tao ay kailangang ilagay sa ganap na pamamahala sa LPS.

Kung alam mo nang maaga na ikaw ay isinaalang-alang para sa pansamantalang pamamahala, maaari mong subukang ipakita na hindi ka nababagay sa kahulugan ng may “malubhang kapansanan.” Maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng pagpapakita na kaya mong kumuha ng pagkain, damit, at tirahan. Kung posible, subukang ipakita ang mga bagay na ito sa iyong tagapagbigay ng pangangalaga o manggagawang panlipunan, para makapagpasya silang hindi irekomenda na ilagay ka sa pamamahala.

Permanenteng Pamamahala

Bukod sa pansamantalang pamamahala, maaari ka ring italaga ng korte sa “permanenteng” pamamahala. Sa katunayan, walang pamamahala ang

permanente, ngunit maaari itong ipanibago kada taon (kilala rin bilang “muling pagtatag”), at walang limit sa kung ilang beses ito maaring ipanibago. Tingnan ang bahagi sa ibaba tungkol sa “Pagtatapos ng Pamamahala” upang malaman ang higit pa tungkol sa pagpapanibago ng pamamahala.

Upang maitalaga sa pamamahala, dapat ka munang suriin ng isang propesyunal at tukuyin na ikaw ay parehong may malubhang kapansanan **at** hindi pumapayag o walang kakayahang tumanggap ng paggamot nang boluntaryo. WIC § 5352. Dagdag pa dito, ang imbestigador ng pamamahala ay dapat imbestigahan ang lahat ng posibleng mga alternatibo sa pamamahala, at irekomenda lamang ang pamamahala kung wala nang naaangkop na mga alternatibo. WIC § 5354.

Sa pagdinig sa pamamahala, isang kinatawan ng tanggapan ng Pampublikong Tagapag-alaga ang pupunta sa korte at ipapaalam sa hukom o hurado kung bakit sa tingin nila na kailangan mong ilagay sa pamamahala. Sa pagdining, magpapasya ang korte kung kailangan mong italaga sa pamamahala, pati na rin kung aling mga karapatan ang mapapanatili mo at aling mga karapatan ang mawawala sa iyo bilang resulta ng pamamahala.

Sa kaso kung saan itatalaga ka ng korte sa pamamahala, ang iyong tagapamahala ay maaaring isang kaibigan o miyembro ng pamilya. Maaari kang magmungkahi kung sino ang gusto mong maging tagapamahala, ngunit ang hukom ang magpasya kung sino ang pinakaangkop na tao o ahensiya para sa iyong pamamahala. WIC § 5355. Kung walang mahanap ang korte na tao o ahensiya na kaya o papayag na magsilbi bilang iyong tagapamahala, itatalaga ng korte ang iyong Pampublikong Tagapag-alaga ng county. WIC § 5354.5.

Paghamon ng Pamamahala

Karapatan sa Paglilitis ng Hurado

May karapatan ka na humiling ng isang paglilitis ng hurado upang tukuyin kung ikaw ay may malubhang kapansanan. Gayunpaman, hindi ka awtomatikong makakakuha ng paglilitis ng hukom. **Maaari kang gumawa ng iyong kahilingan para sa paglilitis ng hurado sa loob ng limang (5) araw matapos ang pagdinig ng iyong petisyon sa pamamahala.** Kung

hihiling ka ng paglilitis ng hurado bago ang pagdinig na iyon, ang kahilingan ay nangangahulugan ng pagpapaubaya ng pagdinig. WIC § 5350(d)(1).

Kung pipiliin mo ang paglilitis ng hurado, dapat nagkakaisa ang hurado sa pagtukoy sa iyo bilang may malubhang kapansanan bago ka maaaring ilagay sa pamamahala. At ang katibayang ipinakita sa paglilitis ay dapat magpatunay ng malubhang kapansanan nang walang pagdududa. *Tingnan ang Sorenson v. Korte Suprema (Sorenson v. Superior Court)* (App. 6 Dist. 2013) 161 Cal.Rptr.3d 794, 219 Cal.App.4th 409.

Ang iyong paglilitis ay dapat maganap sa loob ng sampung (10) araw ng iyong kahilingan, bagama't ang korte ay maaaring ipagpatuloy ito nang hindi lalampas sa labin-limang (15) araw kung hiniling ng iyong abogado.

Mga Payo sa Korte

- Kapag nasa korte, magdamit nang maayos hangga't maaari.
- Kahit pa hindi ka sumasang-ayon at nagagalit sa kung ano ang sinasabi sa iyo sa korte, mahalaga na manatiling kalmado.
- Maging handa na ipaliwanag sa korte kung paano mo kayang pangalagaan ang iyong pangunahing mga pangangailangan, kasama ang pagkaroon ng pagkain, damit, at lugar ng tirahan.
- Kung may kakilala ka na tetestigo sa iyong ngalan, lalo na sa pagtulong sa iyo sa pagkain, damit, at lugar ng tirahan, subukang tiyakin na pupunta sila sa korte para sa pagdinig.
- Dapat handa kang sabihin sa hukom kung anong klaseng kalusugan ng isip o medikal na paggamot ang makukuha mo at saan mo ito kukunin.

Pangkalahatang mga Payo

May **karapatan ka sa abogado**, at kung wala kang abogado, magtatalaga ang korte para sa iyo. Kadalasan, ang abogadong itinalaga ng korte ay pampublikong tagapagtanggol. Dapat magtalaga ang korte ng abogado sa loob ng limang araw pagkatapos ng petsa ng petisyon para sa pamamahala. WIC § 5365. Maaari mong talakayin sa iyong abogado ang posibilidad na magtalaga ang korte ng independyenteng saykayatrista

bukod sa ospital upang suriin ka at upang magbigay ng isa pang opinyon tungkol sa kung kailangan mo ba talaga ng pamamahala.

Dapat handa kang sabihin sa hukom kung bakit wala kang malubhang kapansanan. Bumuo ng detalyadong plano upang ipakita kung paano ka maglaan para sa iyong sariling pagkain, damit at tirahan. Tugunan ang “sino,” “ano,” “saan,” “kailan,” at “paano.”

Hindi kailangang magmay-ari ka ng iyong sariling tahanan o magkaroon ng sariling apartment upang patunayan na mayroon kang lugar na titirhan. Kahit pa ibang tao, tulad ng isang kaibigan o kamag-anak, ang pumapayag na magbigay sa iyo ng lugar na matitirhan, makatutulong ito na talunin ang pamamahala. Tingnan ang *Pamamahala ni Jesse G. (Conservatorship of Jesse G.)*, 248 Cal. App. 4th 453, 460, 203 Cal. Rptr. 3d 667, 672 (2016). Tinatawag itong “ikalong partidong tulong,” at maaaring gamitin upang hamunin ang pamamahala. Ang taong ito ay dapat magbigay ng nakasulat na pahayag para sa hukom na naglalarawan ng kanilang pagpayag na tumulong sa iyo. WIC § 5350(e).

Natutuklasan ng ilang tao na ang mabuting paggamit ng mga mapagkukunan sa komunidad tulad ng mga bangko ng pagkain at mga tahananang pangkomunidad ay nakatutulong sa kanila na hindi maitalaga sa pamamahala. Kung mayroon kang mahusay na doktor o terapruta sa komunidad, maaaring makatulong na kunin sila upang tumestigo para sa iyo sa iyong ngalan.

Kung plano mong tumanggap ng Segurong Panlipunan o ibang mga benepisyong, dapat ipaliwanag mo sa hukom na alam mo kung paano magpatala para sa at tumanggap ng mga benepisyong ito.

Pagtatalaga Habang nasa Pamamahala

Kapag nagtatalaga ang korte ng tagapamahala, dapat magpasya ang tagapamahala kung saan ka titira. Ang unang prayoridad ng tagapamahala ay ang maitalaga ka sa pinakamaluwag na naaangkop na pagtatalaga. WIC § 5351(a)(1)(A). Maaaring kasama rito ang iyong sariling tahanan o tahanan ng isang kamag-anak. Kung hindi ito isang opsyon, ang susunod na prayoridad ay ang maitalaga ka sa naaangkop na pasilidad na hangga't maari ay malapit sa tahanan mo o tahanan ng kamag-anak. WIC §

5351(c)(1). Kasama sa posibleng alternatibong mga pagtatalaga ang ospital ng estado o county o katulad na pasilidad. WIC § 5358(a)(2).

Maaaring ilipat ka ng iyong tagapag-alaga sa mas maluwag na kapaligiran nang hindi nagbibigay ng abiso sa korte. Maaari ka ring ilipat ng iyong tagapag-alaga sa **mas mahigpit** na kapaligiran, ngunit dapat magbigay ng nakasulat na abiso sa korte, iyong abogado, tagataguyod ng mga karapatan ng mga pasyente ng county, at sinumang ibang itinalagang tao. Maaari kang ilipat ng iyong tagapag-alaga sa mas mahigpit na kapaligiran kung mayroon silang dahilan para maniwala na nagbago ang iyong kondisyon at nangangailangan ito ng mas mahigpit na pagtatalaga, o ikaw ay naging agarang panganib sa iyong sarili o sa iba. WIC § 5358(d)(1).

Dapat tandaan na iba ang mga kinakailangan sa pagtatalaga kung ang iyong unang pagkakulong ay kaugnay sa krimeng kinasasangkutan ng pagkamatay o malubhang pinsala sa katawan. WIC § 5008(h)(1)(b). Sa kasong iyon, bukod sa iba pang mga konsiderasyon, ipaprayoridad ng pagtatalaga ang paggamot pati na rin ang pagprotekta sa kaligtasan ng publiko. WIC § 5358(a)(1)(B). Tingnan din ang WIC § 5358(c)(2) at WIC § 5358(d)(2).

Paghamon ng Iyong Pagtatalaga sa Pamamahala

Kung ikaw ay nasa isang pamamahala, karaniwang may kapangyarihan ang iyong tagapamahala na magpasya kung saan ka titira. Hindi ito nangangahulugan na ikaw ay ganap na nasa awa ng iyong tagapamahala. Kung ikaw at ang iyong tagapamahala ay hindi magkasundo tungkol sa iyong pagtatalaga, maaari kang bumalik sa korte upang hamunin ang pagiging angkop ng iyong pagtatalaga. Tinatawag itong **pagdinig sa pagrepaso ng pagtatalaga**. Maaari kang humiling ng pagrepaso ng pagtatalaga sa county kung saan itinatag ang pamamahala o sa county kung saan ka nakatira. WIC § 5358.7. Gayunpaman, kapag bumalik ka sa korte para sa pagdinig sa pagrepaso ng pagtatalaga, dapat maghintay ka ng isa pang anim na buwan bago humiling ng isa pa. *Tingnan ang WIC 5358(d)(4) at WIC § 5358.3.*

Sa pagdinig sa pagrepaso ng pagtatalaga, hinihiling mo lang sa hukom na repasuhin ang pagiging angkop ng iyong pagtatalaga, hindi kung dapat ka bang nasa pamamahala. Ang pinakamainam na paraan upang makakuha ng pagdinig sa pagrepaso ng pagtatalaga ay ang makipag-ugnayan sa

abogado na kumatawan sa iyo sa iyong pagdinig sa pamamahala. Kung wala kang pambayad para sa isang abogado, posibleng ikaw ay kinakatawan ng isang abogadong itinalaga ng korte. Karamihan sa mga abogadong itinalaga ng korte ay mga pampublikong tagapagtanggol.

Dapat alam ng iyong manggagawang panlipunan ang pangalan at numero ng telepono ng iyong abogadong itinalaga ng korte. Maaari ka ring tumawag sa tagataguyod ng mga karapatan ng mga pasyente upang alamin kung paano makipag-ugnayan sa iyong abogado. Kapag tumatawag sa iyong abogado, ibigay ang iyong buong pangalan at petsa ng kapanganakan. Kung ang iyong abogado ay wala sa opisina, magtanong kung maaari kang mag-iwan ng mensahe. Tiyaking mag-iwan ang iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, pangalan ng pasilidad kung saan ka nakatira, numero ng telepono kung saan ka matatawagan, at pinakamainam na oras na tawagan ka. Tiyakin ding sabihin na humihiling ka ng pagdinig sa pagrepaso ng pagtatalaga.

Dapat bigyan mo ang iyong abogado ng hindi bababa sa dalawang linggo upang subukan kang tawagan. Kung mabigo ang abogado na tawagan ka, maaari kang magsampa ng iyong sariling petisyon sa korte na humihiling ng isang pagdinig sa pagrepaso ng pagtatalaga.

Pagtatapos ng Isang Pamamahala

Kahit matalo ka sa iyong pagdinig o paglilitis sa pamamahala, may mga bagay na maaaring mong gawin upang hamunin ang iyong pagtatalaga sa pamamahala.

Mga Muling Pagdinig

Maaari kang **magpetisyon** (humiling) sa korte ng muling pagdinig upang makita kung dapat bang nasa pamamahala ka. Kung hihilingin mo, ikaw ay may karapatan sa muling magdinig kung ikaw ay dapat bang nasa pamamahala. Sa muling pagdinig, ikaw ang dapat na magpatunay na wala kang malubhang kapansanan. Wala kang karapatan sa paglilitis sa hurado sa muling pagdinig. WIC § 5364. Dapat mo ring malaman na kapag nagkaroon ka na ng muling pagdinig, hindi ka na maaaring humiling ng isa pang muling pagdinig nang anim na buwan. WIC § 5364.

Ang pinakamadaling paraan upang humiling ng muling pagdinig ay ang makipag-ugnayan sa abogado na kumatawan sa iyo nang ikaw ay itinalaga

sa pamamahala. Ipaalam sa abogado na gusto mong magpetisyon sa korte para sa isang muling pagdining.

Writ of Habeas Corpus

Pinahihintulutan ng Konstitusyon ng Estados Unidos ang sinuman na naniniwalang sila ay ilegal na pinapanatili ng pamahalaan (kabilang ng isang tagapamahala) upang magsampa ng "**writ of habeas corpus**" upang hamunin ang pagkakulong. Mayroon ring espesyal na batas sa California na nagpapahintulot sa sinumang pasyente ng ospital ng estado na magsampa ng writ. WIC § 7250. Magtanong sa iyong abogado o tagataguyod para sa tulong.

Taunang Pagpanibago ng Pamamahala

Pagkatapos ng isang buong taon ng pamamahala, dapat magpasya ang county kung ihihinto ang pamamahala o hilingin sa korte na ipanibago ito. Kung magpasya ang county na ipanibago ang iyong pamamahala, maaari mong hamunin ito at humiling ng bagong paglilitis sa harap ng hukom o hurado. WIC § 5362.

Mga Karapatan sa Panahon ng Pamamahala

Kung ikaw ay nasa ospital sa ilalim ng pamamahala na LPS, mayroon kang parehong mga karapatan sa ibang tao gaya ng magsuot na sariling mga damit, gumawa ng kumpidensyal na tawag, tumanggap ng hindi nabuksang mga sulat, tumanggap ng mga bisita araw-araw, magkaroon ng indibidwal na espasyo na pag-iimbakan, magtabi ng makatwirang halaga ng sariling pera para sa mga gastos sa kantina, at iba pang mga karapatan. WIC § 5325.¹ Walang kapangyarihan ang iyong tagapamahala na higpitan o limitahan ang mga karapatang ito sa anumang paraan.

Maaaring limitahan ng hukom ang ilang mga karapatan batay sa mga rekomendasyon ng taong nag-imbetiga kung ikaw ay dapat ilagay sa pamamahala. Kabilang rito ang iyong karapatan na bumoto, magkaroon ng lisensya sa pagmamaneho, pumasok sa mga kontrata, tumanggi ng pahintulot sa karawiang medikal na paggamot, at tumanggi ng pahintulot sa paggamot na kaugnay sa pagkakaroon ng malubhang kapansanan. WIC § 5357.

Kung pakiramdam mo ikaw ay pinilit na tumira sa isang lugar na masyadong mahigpit para sa iyong pangangailangan, o binigyan ang tagapamahala ng masyadong malaking kapangyarihan sa iyong buhay, maaari kang humiling ng isang pagdinig sa korte upang repasuhin ang mga bagay na ito. Dapat mong malaman na kapag nagsampa ka ng petisyong ito, hindi tatanggap ang korte ng isa pang petisyon hanggang matapos ang anim na buwan mula sa iyong huling petisyon. WIC § 5358(d)(4) at WIC § 5358.3.

Dagdag pa, hindi ka maaaring atasan ng tagapamahala na sumailalim sa anumang siruhiya maliban kung ikaw ay nasa panganib ng pagkamatay o malubhang pinsala sa katawan, maliban kung ikaw ay nagbigay ng naunang pahintulot o naglabas ang korte ng kautusan na nagpapahintulot sa partikular na siruhiya. WIC § 5358(b). Kung gusto mong hamunin ang kahilingan para sa kautusan ng korte, maaari kang magpetisyon sa korte ng pagdinig na isasagawa bago ibigay ang kautusan. WIC § 5358.2.

¹Mangyaring tandaan na kung ikaw ay itinalaga sa isang ospital ng estado o sa kulungan, ang ilan sa mga karapatang ito ay maaaring mag-iba.

[“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

**KALAKIP:
PLANO NG AKSYON UPANG HAMUNIN ANG PAMAMAHALA
UPANG IPAKITA NA WALA AKONG “MALUBHANG
KAPANSANAN”**

**[KUMPLETUHIN ANG PORMULARYO AT IBIGAY SA IYONG
ABOGADO
AT TAGAPAMAHALA]**

1. Pangalan. Tirahan. Numero ng kaso, kung alam.

2. Ang aking buwanang kita ay _____. Kumukuha ako ng pera mula _____. Maaaring kasama rito ang Kita sa Segurong Panlipunan (SSI, Social Security Income), Mga Benepisyo ng Beterano, o kita sa trabaho.

3. Plano kong tumira sa address na ito. Ako ang may-ari ng ari-arian, o gugugulin ko ang halaga ng pera na ito para sa renta.

4. Maglalaan ako para sa aking pagkain sa ganitong paraan. Gugugulin ko ang halaga ng pera na ito sa pagkain.

5. Maglalaan ako para sa aking damit sa paraang ito. Gugugulin ko ang halaga ng pera na ito sa damit.

6. Maaaring may mga kaibigan o kapamilya na makatutulong sa akin sa pamamagitan ng paglaan para sa aking pagkain, damit at tirahan. Nakalista ang kanilang mga pangalan at kung paano sila makokontak. (*Tiyaking maglakip ng nakasulat na tala mula sa taong pumapayag na tumulong na nagsasabi na sila ay pumapayag na tumulong at ipasabi sa kanila kung paano sila makokontak.)

7. Kung kailangan ko ng paggamot, pumapayag akong magpagamot mula sa tao o ahensiyang ito.

8. Kaya kong pumunta sa mga tipanan o pagpupulong sa ganitong paraan.

Nais ka naming pakinggan! Mangyaring sagutan ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga lathala at ipaalam sa amin kung kamusta kami. [\[Sagutan ang Survey\]](#)

Para sa legal na tulong tumawag sa 800-776-5746 o kumpletuhin ang [pormularyo ng kahilingan para sa tulong](#). Para sa iba pang mga pakay, tumawag sa 916-504-5800 (Hilagang CA); 213-213-8000 (Timog CA).

Ang Disability Rights California ay pinondohan ng iba-ibang mapagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.